Ang Tipan at ang Anyong Huwaran

Liksyon 10, Pangatlong Semestre, Agosto 30-Setyembre 5, 2025

Hapon ng Sabbath Agosto 30

Talatang Sauluhin:

“ Dumating si Moises at sinabi sa bayan ang lahat ng mga salita ng Panginoon at ang lahat ng mga tuntunin; at ang buong bayan ay sumagot na may isang tinig, at nagsabi, ‘Lahat ng mga salita na sinabi ng Panginoon ay aming gagawin. - Exodo 24:3

“Ang mga pangakong ito ng Diyos sa Kanyang bayan ay nakabatay sa kanilang pagsunod.

Kung buong puso nilang paglilingkuran ang Panginoon, gagawa Siya ng mga dakilang bagay para sa kanila. Matapos tanggapin ni Moises ang mga hatol mula sa Panginoon at isulat ang mga ito para sa bayan—kasama ang mga pangakong may kalakip na kundisyon ng pagsunod—sinabi ng Panginoon sa kanya: 'Sumampa ka sa kinaroroonan ng Panginoon, ikaw, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitong pu ng mga matanda sa Israel; at sumamba kayo mula sa malayo: At si Moises lamang ang lalapit sa Panginoon; datapuwa't sila'y hindi lalapit; o ang bayan man ay sasampang kasama niya. At lumapit si Moises at isinaysay sa bayan ang lahat ng mga salita ng Panginoon, at ang lahat ng mga palatuntunan. At ang buong bayan ay sumagot ng paminsan, at nagsabi, Lahat ng mga salita na sinalita ng Panginoon, ay aming gagawin.'" (3SG 270.1)

"Ang isinulat ni Moises ay hindi ang sampung utos, kundi ang mga hatol na iniutos ng Diyos na kanilang sundin, kasama ang mga pangako na nakabatay sa kanilang pagsunod. Binasa niya ito sa harap ng buong bayan, at sila'y nangakong tutuparin ang lahat ng salita ng Panginoon. Isinulat ni Moises ang kanilang taimtim na pangako sa isang aklat, at naghain siya ng alay sa Diyos para sa bayan. 'At kaniyang kinuha ang aklat ng tipan, at binasa sa pakinig ng bayan: at kanilang sinabi, Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin. At kinuha ni Moises ang dugo at iniwisik sa bayan, at sinabi, Narito ang dugo ng tipan, na ipinakipagtipan ng Panginoon sa inyo tungkol sa lahat ng mga salitang ito.' Inulit ng bayan ang kanilang taimtim na pangako sa Panginoon—na susundin nila ang lahat ng Kanyang sinabi, at sila ay magiging masunurin." (3SG 270.2)

Linggo Agosto 31

Ang Aklat at ang Dugo

Basahin ang Exodo 24:1–8. Anong mga papel ang ginagampanan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos at ng pagwiwisik ng dugo sa pagpapatibay ng tipan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang bayan?

“Matapos iwisik ni Moises ang dugo ng mga handog sa dambana, kinuha niya ang aklat ng tipan at binasa ito sa harapan ng bayan.” Sa ganitong paraan, ang mga kondisyon ng tipan ay muling binigkas nang may buong kaseryosohan, at lahat ay malaya kung nanaisin nilang sundin ang mga iyon o hindi. Una na nilang ipinangako na susundin nila ang tinig ng Diyos; ngunit ngayo’y narinig na nila ang Kanyang kautusan na ipinahayag, at ang mga prinsipyong iyon ay isa-isang ipinaliwanag upang kanilang maunawaan kung gaano kabigat ang kasunduan. Muli, ang buong bayan ay sumagot nang iisa ang tinig: “Lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay susunod.” “nang salitain ni Moises ang bawa't utos sa buong bayan ayon sa kautusan, ay kumuha siya ng dugo, ... at winisikan ang aklat at gayon din ang buong bayan, Na sinasabi, Ito ang dugo ng tipan na iniutos ng Dios tungkol sa inyo.” (Hebreo 9:19, 20) (PP 312.2)

Ngayon ay ipinatawag si Moises at ang “kanyang tagapaglingkod na si Josue” upang makipagtagpo sa Diyos. At sapagkat sila ay ilang panahong mawawala, itinalaga ng pinuno sina Aaron at Hur, kasama ang mga matatanda, upang gumanap sa kanyang tungkulin. “ At sumampa si Moises sa bundok at tinakpan ng ulap ang bundok. At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nanahan sa ibabaw ng bundok ng Sinai.” Sa loob ng anim na araw ay natakpan ng ulap ang bundok bilang tanda ng natatanging presensya ng Diyos; subalit wala pang pahayag tungkol sa Kanyang sarili, ni anumang pagsasabi ng Kanyang kalooban. Sa panahong ito, si Moises ay nanatiling naghihintay ng tawag upang makapasok sa silid-hari ng Kataas-taasan. Siya ay inutusan: “Sampahin mo ako sa bundok, at dumoon ka.” At bagaman sinusubok ang kanyang pagtitiyaga at pagsunod, hindi siya nagsawa sa pagbabantay, ni iniwan ang kanyang tungkulin. Ang panahong ito ng paghihintay ay naging panahon ng paghahanda para sa kanya—ng masusing pagsisiyasat sa sarili. Sapagkat kahit ang pinapaborang lingkod ng Diyos ay hindi agad-agad makalalapit sa Kanyang presensya ni makatatagal sa pagpapakita ng Kanyang kaluwalhatian. Anim na araw muna ang inilaan upang iukol ang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng puso, pagbubulay, at panalangin bago siya mahanda para sa tuwirang pakikipag-ugnayan sa kanyang Maylalang.” (PP 313.1)

Lunes Setyembre 1

Ang Makita ang Diyos

Basahin ang Exodo 24:9–18. Anong kahanga-hangang karanasan ang ibinigay sa mga anak ni Israel dito?

“Isinagawa na ang mga paghahanda para sa ganap na pagtatatag ng bansang pinili ng Diyos sa ilalim ni Jehova bilang kanilang Hari. Tinanggap ni Moises ang utos: ‘Sumampa ka sa kinaroroonan ng Panginoon, ikaw, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitong pu ng mga matanda sa Israel; at sumamba kayo mula sa malayo: At si Moises lamang ang lalapit sa Panginoon; datapuwa't sila'y hindi lalapit; o ang bayan man ay sasampang kasama niya.” Habang ang bayan ay sumasamba sa paanan ng bundok, ang mga piniling lalaking ito ay tinawag na umakyat. Ang pitumpung matatanda ay itinakdang katuwang ni Moises sa pamamahala sa Israel. Ibinuhos ng Diyos sa kanila ang Kanyang Espiritu at pinarangalan sila sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan at kadakilaan. ‘At kanilang nakita ang Dios ng Israel; at mayroon sa ilalim ng kaniyang mga paa na parang isang yaring lapag na batong zafiro, at paris din ng langit sa kaliwanagan.’ Hindi nila nakita ang mismong pagka-Diyos, ngunit nasilayan nila ang kaluwalhatian ng Kanyang presensya. Dati ay hindi nila kayang tiisin ang ganitong tanawin; subalit ang mga pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos ay nagtulak sa kanila sa pagsisisi. Habang kanilang pinagninilayan ang Kanyang kaluwalhatian, kabanalan, at habag, nahanda ang kanilang puso upang makalapit nang higit sa Kanya na siyang naging paksa ng kanilang pagninilay.” (PP 312.3)

“Nang ikapitong araw, ang araw ng Sabbath, tinawag si Moises upang pumasok sa ulap. Sa paningin ng buong Israel, ang makapal na ulap ay nabuksan at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nagpakita na parang apoy na tumutupok. ‘At pumasok si Moises sa gitna ng ulap, at sumampa sa bundok: at si Moises ay natira sa bundok na apat na pung araw at apat na pung gabi.’ Ang apatnapung araw na pananatili niya sa bundok ay hindi kabilang ang anim na araw ng paghahanda. Sa loob ng anim na araw na iyon, kasama ni Moises si Josue. Magkasama silang kumain ng manna at uminom mula sa ‘ilog na umaagos mula sa bundok.’ Ngunit hindi kasama ni Moises si Josue nang pumasok siya sa ulap. Siya’y nanatili sa labas, patuloy na kumakain at umiinom araw-araw habang naghihintay sa pagbabalik ni Moises. Subalit si Moises ay nag-ayuno sa buong apatnapung araw.” (PP 313.2)

“Habang nasa bundok, tinanggap ni Moises ang mga tagubilin para sa pagtatayo ng isang santuwaryo kung saan ang banal na presensya ng Diyos ay mahahayag sa isang natatanging paraan. Ang utos ng Diyos ay: ‘At kanilang igawa ako ng isang santuario; upang ako'y makatahan sa gitna nila.’ (Exodo 25:8). Sa ikatlong pagkakataon, muling ipinag-utos ang pag-iingat ng Sabbath. Ipinahayag ng Panginoon: ‘Ito'y isang tanda sa akin at sa mga anak ni Israel magpakailan man, upang inyong makilala na ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo. Inyong ipangingilin ang sabbath nga; sapagka't yao'y pangilin sa inyo... sinomang gumawa ng anomang gawa sa araw na yaon, ay ihihiwalay ang taong yaon sa kaniyang bayan.’ (Exodo 31:17, 13, 14). Katatapos lamang ibigay ang mga tagubilin para sa agarang pagtatayo ng tabernakulo para sa paglilingkod sa Diyos, at maaaring isipin ng bayan na sapagkat ang layunin ay para sa kaluwalhatian ng Diyos, at dahil na rin sa kanilang pangangailangan ng isang lugar ng pagsamba, ay wala silang sala kung magpapatuloy sila sa paggawa kahit sa Sabbath. Upang sila’y mailayo sa ganitong pagkakamali, ibinigay ang babala. Maging ang kabanalan at kagyat na pangangailangan ng gawaing iyon para sa Diyos ay hindi dapat maging dahilan upang labagin ang Kanyang banal na araw ng kapahingahan.” (PP 313.3)

Martes Setyembre 2

Kapangyarihang Sumunod

Basahin ang Ezekiel 36:26–28. Paano nagkakaroon ng lugar ang pagsunod sa ating mga buhay?

Wala ni isa man sa mga buháy ang tunay na malilinis mula sa lahat ng kanilang bakas ng kasalanan habang sila’y nasa gitna ng mga Hentil, nakikita ninyo. Kailangan muna silang maihiwalay mula sa mga mapagpaimbabaw at sa mga Hentil, at pagkatapos ay dalhin sa kanilang sariling lupain. Doon sila wiwisikang may malinis na tubig, lilinisin mula sa lahat ng kanilang karumihan at mula sa lahat ng kanilang mga diyus-diyosan—sa kanilang sariling lupain, at hindi bago makarating doon. Doon din sila bibigyan ng bagong puso, at ng bagong espiritu. Kaya't palalakarin sila ng Panginoon ayon sa Kanyang mga palatuntunan at pananatilihin nila ang Kanyang mga pasiya magpakailanman. Kaya sila'y babalik at tatahan sa lupain ng kanilang mga magulang, sa Palestina, at sa ganitong paraan sila'y magiging bayan ng Diyos magpakailanman. Ang mga bagay na ito, nakikita ninyo, ay bago pa dumating ang sanlibong taon." Ngayon, ating siyasatin ang paglilinis ayon sa mga propeta... si Jeremias

Jer. 31:31-33 – *"Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na ako'y makikipagtipan ng panibago sa sangbahayan ni Israel, at sa sangbahayan ni Juda:Hindi ayon sa tipan na ipinakipagtipan ko sa kanilang mga magulang sa araw na aking kinuha sila sa pamamagitan ng kamay upang ilabas sila sa lupain ng Egipto; na ang aking tipan ay kanilang sinira, bagaman ako'y asawa nila, sabi ng Panginoon. Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan;*

Ang lumang tipan ay ang pagsunod sa mga kautusan habang ang mga ito ay nakasulat hindi sa puso, kundi sa mga tapyas ng bato—na taliwas sa kalooban ng pusong bato. Ngunit ang bagong tipan ay upang linisin sila mula sa kanilang pusong bato at isulat ang mga kautusan sa kanilang pusong laman

Verse 34 – *"At hindi na magtuturo bawa't isa sa kanila sa kaniyang kapuwa, at bawa't tao sa kaniyang kapatid, na magsasabi, Iyong kilalanin ang Panginoon; sapagka't makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitliitan sa kanila hanggang sa kadakidakilaan sa kanila, sabi ng Panginoon: sapagka't aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin.*

Kapag nalinis na ang bayan ng Diyos, makikilala nilang lahat ang Panginoon. Kung magkagayon sila ay magiging Kanyang bayan, Kanyang bansa.

Miyerkules Setyembre 3

Sa Gitna ng Kanyang Bayan

Basahin ang Exodo 25:1–9. Anong mahalagang praktikal at teolohikal na mga katotohanan ang makikita sa mga talatang ito?

“Mula sa panahong iyon, pararangalan ang bayan sa pamamagitan ng palagiang presensya ng kanilang Hari. Ang katiyakan ng Diyos kay Moises ay ito: ‘At ako'y tatahan sa gitna ng mga anak ni Israel, at ako'y magiging kanilang Dios,’ at ang Tolda ay pakakabanalin sa pamamagitan ng aking kaluwalhatian.’ (Exodo 29:45, 43). Bilang tanda ng Kanyang kapangyarihan at bilang pagsasakatawan ng Kanyang kalooban, ibinigay ng Diyos kay Moises ang isang kopya ng Sampung Utos, na inukit mismo ng Kanyang daliri sa dalawang tapyas na bato (Deuteronomio 9:10; Exodo 32:15, 16). Ito ay inilaan upang ilagak nang may kabanalan sa santuwaryo na gagawin, na siyang magiging nakikitang sentro ng pagsamba ng buong bansa.” (PP 314.1)

“Mula sa pagiging isang lahing inalipin, itinaas ng Diyos ang mga Israelita higit sa lahat ng bayan upang maging natatanging kayamanan ng Hari ng mga hari. Inihiwalay sila ng Diyos mula sa sanlibutan upang ipagkatiwala sa kanila ang isang banal na tungkulin. Ginawa Niya silang tagapag-ingat ng Kanyang kautusan at nilayon Niyang sa pamamagitan nila ay mapanatili sa sanlibutan ang kaalaman tungkol sa Kanya. Sa ganitong paraan, ang liwanag ng langit ay sisilay sa mundong nababalot ng kadiliman, at maririnig ang isang tinig na nananawagan sa lahat ng tao na talikuran ang kanilang mga diyus-diyosan at maglingkod sa buhay na Diyos. Kung tapat na tutuparin ng Israel ang kanilang tungkulin, sila’y magiging makapangyarihan sa sanlibutan. Ang Diyos mismo ang magiging kanilang tagapagtanggol at itataas Niya sila higit sa lahat ng mga bansa. Sa pamamagitan nila mahahayag ang Kanyang liwanag at katotohanan, at sila’y tatayo bilang halimbawa ng kahigitan ng pagsamba sa Diyos kaysa sa lahat ng uri ng idolatriya.” (PP 314.2)

“Iniutos ng Diyos kay Moises para sa Israel: ‘kanilang igawa ako ng isang santuario; upang ako'y makatahan sa gitna nila.’ (Exodo 25:8). At tunay ngang nanahan Siya sa santuwaryo, sa piling ng Kanyang bayan. Sa lahat ng kanilang mahahabang paglalakbay sa ilang, ang tanda ng Kanyang presensya ay laging kasama nila. Sa ganitong paraan din, itinayo ni Cristo ang Kanyang tabernakulo sa gitna ng sangkatauhan. Itinayo Niya ang Kanyang tolda sa tabi ng mga tolda ng tao, upang Siya’y makapanahan kasama natin at ipakilala sa atin ang Kanyang banal na likas at buhay. ‘At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin (at nakita ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa Bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at katotohanan.' (Juan 1:14)." (DA 23.3)

"Mula nang si Jesus ay tumahan kasama natin, natitiyak natin na ang Diyos ay nakakaunawa ng ating mga pagsubok at nakikiramay sa ating mga dalamhati. Bawa't anak ni Adan ay maaaring makatiyak na ang ating Manlalalang ay Kaibigan ng mga makasalanan. Sapagkat sa bawat aral ng biyaya, sa bawat pangako ng kagalakan, sa bawat gawa ng pag-ibig, at sa bawat banal na pang-akit na nahayag sa buhay ng Tagapagligtas dito sa lupa, malinaw nating nakikita ang 'Diyos na kasama natin.'" (DA 24.1)

Huwebes Setyembre 4

Puspos ng Espiritu ng Diyos

Basahin ang Exodus 31:1–18. Ano ang espesyal na tulong na ibinigay ng Diyos upang ang lahat ng mga detalye ng tabernakulo at ang mga kaugnay na serbisyo ay maihanda sa isang maganda at nararapat na paraan?

"Laging may mga taong itinatalaga ang Diyos upang pumalit sa mga puwesto kung saan may gawaing dapat isagawa—mga taong sa kanila at sa pamamagitan nila ay maaaring kumilos ang Diyos.... Sa bawat tao ay ipinagkatiwala ng Panginoon ang mga talento—mga kaloob na tumutugon sa pangangailangan ng isang tiyak na gawain o lugar...." (TDG 345.2)

"Ang Panginoon ay magbibigay ng pang-unawa sa bawa't isa na lubos na makikipag-ugnay sa Kanyang gawain. Hindi tayo iniiwan upang umasa lamang sa karunungan ng tao. Sa Panginoon ay naroon ang karunungan, at isang pribilehiyo para sa atin na humingi sa Kanya ng payo....” (TDG 345.3)

“Tayong lahat ay mga kasapi ng pamilya ng Diyos, mataas o mas mababang antas man ay pinagkatiwalaan ang bawat isa ng mga talento mula sa Diyos, at ang paggamit dito ay ating responsibilidad. Maging malaki man o maliit ang ating talento, ito ay dapat nating gamitin sa paglilingkod sa Diyos, at dapat nating kilalanin ang karapatan ng iba na gamitin ang mga kaloob na ipinagkatiwala rin sa kanila. Hindi natin dapat maliitin kahit ang pinakamaliit na pisikal, intelektuwal, o espirituwal na kakayahan. Ang ilan ay maaaring makipagpalitan gamit ang maliliit na halaga—mga sentimos o kusing—ngunit sa pagpapala ng Diyos, at sa walang sawang pagsisikap, ang mga mapagpakumbabang ito ay maaaring makagawa ng matagumpay na pamumuhunan, at makamit ang kita na tumutugma sa ipinagkatiwalang puhunan. Walang sinuman ang dapat magmaliit sa alinmang mapagpakumbabang manggagawa na gumaganap ng kanyang tungkulin at gumagawa ng isang bagay na kailangang gawin, gaano man ito kaliit sa paningin ng iba.” (TDG 345.4)

“O, gaano nahahapis ang aking puso kapag nakikita ko ang mga taong nagkaroon ng malalaking pagkakataon, subalit pinipilit nilang ilagay sa makitid na kalagayan ang iba—mga taong, kung sila lamang ay bibigyan ng pagtangkilik, ay maaari sanang mahubog upang gumanap sa isang tungkulin na may malaking kapakinabangan. Ang Panginoon ay gumagamit ng mga sisidlan, malalaki man o maliliit. Marami na ang kanilang mga buhay ay puspos ng kasipagan at kaseryosohan ang nangangailangan ng payo, ng pagtangkilik, at ng mga salitang nakapagpapalakas. Nalulugod ang Diyos kapag ang Kanyang mga anak ay sama-samang gumagawa, nagtutulungan, at nagbibigay-lakas ng loob sa isa’t isa..” (TDG 345.5)

“Lahat—maging pinagkatiwalaan man ng kakaunti o ng maraming talento—ay dapat magkaisa at magtulungan. Kailangan natin ng higit pang diwa ng Tagapagligtas upang matulungan ang mga pinigilan at nahadlangan. Kung gaano kalaki ang maitutulong natin sa kanilang pagsisikap na umangat ay hindi malalaman hanggang ito’y ipahayag sa paghuhukom. Dapat tayong magkaroon ng salitang pampalakas-loob na maibabahagi sa lahat, na lagi nating tatandaan na may iba’t ibang uri ng mga kaloob.” —Liham 260, Disyembre 2, 1903, kay Dr. George A. (TDG 345.6)

Biyernes Setyembre 5

Karagdagang Kaisipan

“Ang mga piling tao ay pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayahan at karunungan para sa pagtatayo ng banal na gusali. Ang mismong plano ng estrukturang iyon ay ibinigay ng Diyos kay Moises, kalakip ang tiyak na tagubilin hinggil sa laki at anyo nito, sa mga materyales na gagamitin, at sa bawat kasangkapang dapat naroon. Ang mga banal na dako na ginawa ng kamay ng tao ay inilaan bilang ‘mga larawan ng tunay,’ ‘mga huwaran ng mga bagay sa langit’ (Hebreo 9:24, 23)—isang maliit na larawan ng makalangit na templo kung saan si Cristo, ang ating dakilang Saserdote, matapos ihandog ang Kanyang buhay bilang hain, ay gagawa ng paglilingkod alang-alang sa makasalanan. Ipinakita ng Diyos kay Moises sa bundok ang tanawin ng makalangit na santuwaryo, at iniutos sa kanya na gawin ang lahat ng bagay ayon sa huwarang ipinakita sa kanya. Maingat na itinala ni Moises ang lahat ng tagubiling ito at ipinahayag sa mga pinuno ng bayan.” (PP 343.2)

“Para sa pagtatayo ng santuwaryo, kinakailangan ang malalaking paghahanda at napakamahal na mga materyales; isang malaking halaga ng pinakamahalaga at pinakamaseselang sangkap ang dapat ihanda. Gayunman, ang tinanggap lamang ng Panginoon ay yaong mga handog na kusang-loob. ‘Sa bawat tao na nagbibigay nang maluwag sa kanyang puso ay tatanggapin ninyo ang Aking handog,’ ito ang banal na utos na paulit-ulit na ipinahayag ni Moises sa buong kapulungan. Ang taos-pusong debosyon sa Diyos at ang espiritu ng sakripisyo ang pinakamahalagang kinakailangan upang maihanda ang isang tahanan para sa Kataas-taasan.” (PP 343.3)

“At bawa't taong may kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at lino, at balahibo ng mga kambing, at balat ng mga tupa na tininang pula, at ng mga balat ng poka, ay nangagdala. Ang lahat na naghandog ng handog na pilak at tanso, ay nagdala ng handog sa Panginoon: at lahat ng taong may kahoy na akasia na magagamit sa anomang gawa na paglilingkod ay nagdala. (PP 344.2)

“At lahat ng mga babaing matatalino ay nagsihabi ng kanilang mga kamay, at dinala ang kanilang mga hinabi, na kayong bughaw, at kulay-ube, at pula, at lino. At lahat ng mga babae na napukaw ang kalooban, sa karunungan, ay nagsihabi ng balahibo ng mga kambing.”

“‘At ang mga pinuno ay nagdala ng mga batong onix, at ng mga batong pangkalupkop na gamit sa epod, at sa pektoral; At ng mga espesia, at ng langis; na pangilawan, at langis na pangpahid, at pangmabangong kamangyan.” (Exodo 35:23-28, R.V.) (PP 344.4)

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org